

Panimulang Pag-aaral ng Wikang Filipino sa UCLA: Kasalukuyang Lagay at Direksiyon

NENITA PAMBID DOMINGO

UNIBERSIDAD NG CALIFORNIA, LOS ANGELES, E.U.

ABSTRAK

Binubuod ng pag-aaral na ito ang lagay ng pagtuturo ng wika at kalinangang Filipino sa Unibersidad ng California sa Los Angeles sa panimulang antas ng pag-aaral na ang katatasan sa wikang Filipino sa panimula ng pag-aaral ay 0 hanggang 0+ ayon sa pamantayan ng ACTFL ILR OPI (American Council on the Teaching of Foreign Languages Interagency Language Roundtable Oral Proficiency Interview) sa Estados Unidos. Batay sa karanasan, ang mga elementong nangangailangan ng kaukulang pansin ay ang mga sumusunod: morpolohiya, kaukulan, sintaksis, pokus, aspekto, at panagano ng pandiwa, at diin, intonasyon sa pagsasalita. Problematiko rin ang paggamit ng pang-angkop sa pagitan ng iba't ibang bahagi ng pananalita para sa mga nag-aaral ng wikang Filipino. May ilang mga aklat na nalimbag na tuwirang pinagtutuunan ng pansin ang pagpapabuti ng mga naturang problematikong elemento ng pagtatamo ng wikang Filipino sa mga mag-aaral na ang unang wika ay Ingles na siyang direktang pinagmumulan ng kahinaan sa mga naturan. Nakita rin na ang ibang mga wikang Pilipino na siyang mga wikang ginagamit sa tahanan tulad ng Kapampangan, Ilokano, Bisaya, at iba pa ay nakakaapekto rin sa kinis ng pagkatuto ng wikang Filipino. Ang pag-aaral na ito ay isang eksploratoryo at panimulang pagsipat sa maaaring maging interbensiyon tungo sa mas masinop na pagtuturo ng mga guro at sa mabilis na pagtatamo ng wika ng mga mag-aaral ng wika at kalinangang Filipino.

Susing salita: heritage learner, wikang Filipino, karaniwang pagkakamali, UCLA kalinangang Filipino

PANIMULA

Mahigit 40 taon nang itinuturo ang wikang Filipino/Tagalog sa Unibersidad ng California sa Los Angeles subalit wala pang paglalagom ukol sa karanasang ito na maaaring paghanguan ng mga istratehiya at kaalaman sa pagtuturo sa mga mag-aaral na tinatawag na heritage learner (HL) at mga banyagang mag-aaral ng wika o foreign language learner (FL) at iba pang mag-aaral ng ikalawa o ikatlong wika.. Sinasagot ng papel na ito ang sumusunod na mga katanungan: 1) Ano ang kasalukuyang lagay ng pagtuturo at mga kahirapang dinadas sa pagtuturo sa UCLA (University of California at Los Angeles) ng wikang Filipino/Tagalog, isang wikang tinataguriang less commonly-taught language sa Estados Unidos? 2) Ano ang mga pamamaraan upang matugunan ang mga hamong ito?

Upang matugunan ang naturang mga katanungan, ang mga sumusunod ang layunin ng pag-aaral:

- 1) Suriin ang kasalukuyang lagay ng pagtuturo ng wikang Filipino/Tagalog sa UCLA
- 2) Alamin ang mga hamon sa pagtuturo, pagkatuto, at pagtatamo ng wikang/Filipino/Tagalog
- 3) Unawain ang pinagmumulan at ugat ng mga nakikitang pagkakamali sa mga pahayag at pananalita kapwa ng HL at ng FL
- 4) Magmungkahi ng mga pamamaraan upang malapatan ng kaukulang interbensiyon o solusyon at paliwanag ang nakitang mga pagkakamali

Sa papel na ito, ang Heritage Learner (HL) ng Filipino ay isang taong nag-aaral ng wika kung saan siya ay may koneksyon sa dugo o lahi, kultura, komunidad o bayang pinagmulan. Ang penomenon ng Filipino HL sa EU ay resulta ng kolonyal na ugnayan ng Pilipinas at EU at ng pangangailangan ng murang paggawa ng huli sa pataniman ng California, Washington, at Hawaii, delatahan at pangisdaan sa Alaska at Seattle. Ang mga Pilipino noon ay pribilehiyado kaysa sa mga migranteng Hapones, Tsino, Portuges, at mga Meksikano sapagkat ang klasipikasyon nila ay US nationals at nagtataglay sila ng pasaporte ng EU (Friday 126-127).

Ang Filipino HL ay lumaki sa tahananang buhay ang tradisyon at kalinangang Pilipino. Maaaring hindi siya nakakapagsalita at kapag kinausap sa Tagalog/Filipino o iba pang wikang Pilipino tulad ng Ilokano at Kapampangan ay sumasagot sa Ingles. May mga nakapagsasabi ng ilang salita o nakapagsasalita subalit hindi nakakabasa, at nakakapagsulat. Ang kanilang

pang-unawa sa wika ay hindi ganap. Mga Amerikano sila na may ganap na dugong Pilipino o mestiso, e.g. Pilipino-Amerikano, Pilipino-Chamoro, etc., at mga Pilipino mula sa Pilipinas.

SAKLAW AT LIMITASYON NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay limitado sa obserbasyon at pagtuturo ng awtor ng unang taon ng panimulang pag-aaral ng wikang Filipino sa Unibersidad ng California sa Los Angeles (UCLA): Filipino 1, 2, at 3. Ang isang buong taon ay binubuo ng tatlong quarter; 30 linggo o 150 oras. Ang klase ay nagkikita ng isang oras at 15 minuto tuwing Martes at Huwebes at isang oras at 50 minuto tuwing Biyernes sa loob ng 10 linggo bawat quarter.

KONTEKSTO NG PAGTUTURO NG WIKANG FILIPINO SA ESTADOS UNIDOS

Tinatayang 90 milyong katao ang nagsasalita ng wikang Filipino (Malabonga 1). Sa Estados Unidos, 1.6 milyon ang nagsasalita ng Filipino/Tagalog, pangatlong wikang banyaga na may pinakamaraming nagsasalita sa EU (Tangi). Sa panahon ng pananakop ng E.U., maraming mga Pilipino ang nagtungo sa Amerika bilang mga iskolar ng gobyerno, manggagawa sa mga pataniman sa California, Washington, Hawaii, mangingisda sa Alaska, sa mga delatahan sa Seattle, mga busboy at mga katulong sa bahay (Posadas 64). Sa kasalukuyan, maraming Pilipino ang nagtatrabaho sa industriya ng pangangalaga sa kalusugan at sa mga matatanda. Ang mga inapo ng mga migranteng manggagawa at mga bagong dating na mga Pilipino ang karamihan ng mga estudyante sa Introductory Filipino sa UCLA at sa iba pang mga paaralan sa Estados Unidos.

Ayon kay Teresita Ramos, may higit sa 28 kolehiyo at unibersidad at 22 mataas na paaralan ang nagtuturo ng wikang Filipino sa EU (Paz & Juliano 2). Datapwa, karamihan sa mga guro ay nangangailangan ng higit pang kasanayan at pagpapakadalubhasa sa pagtuturo sa mga HL at banyagang mga mag-aaral at mga mag-aaral ng ikalawa o ikatlong wika. lilan lamang ang may digri sa pagtuturo ng ikalawang wika. Karamihan ay nagmula sa ibang disiplina tulad ng Pilipinolohiya, Sikolohiya, Teatro, Ingles, at Panitikan.

Ang iba't ibang mga samahang pangwika at institusyon ang nagbibigay ng mga worksyap para sa patuluyang edukasyon sa mga guro ng mga less-commonly taught languages tulad ng Filipino. Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod: CAF (Consortium for

the Advancement of Filipino), COTSEAL (Council of Teachers of Southeast Asian Languages), NHLRC (National Heritage Language Resource Center) at iba pang mga Language Resource Centers na itinatag ng US Department of Education.

Ang Fulbright Hays, Department of Education ay nagtaguyod ng dalawang worksyap sa Pilipinas para sa mga guro ng Filipino sa EU. Ang una ay ginanap noong Enero 5-9, 2002 (Continuing Language Education for Filipino Language Teachers in the US) at ang ikalawa ay noong Hulyo 11 hanggang Agosto 8, 2015 (Philippine Language and Culture Development Project). Sa una ay partisipante ang awtor at sa ikalawa ay partisipante at Curriculum Director.

ANG PROGRAMA NG FILIPINO SA UCLA

Ang programa ng Filipino sa UCLA na nagsimula noong mga taong 1960 ay kasalukuyang nasa Asian Languages and Cultures Department (ALC) kasama ng Chinese, Japanese, Korean, Hindi-Urdu, Vietnamese, at Thai. Regular na itinuturo ang 2 taon ng wika: Introductory Filipino 1, 2, 3 at Intermediate Filipino 4, 5, 6. Ang mga kursong Advanced Filipino ay itinuturo lamang kung may pondong magagamit.

Mula Spring 2004 hanggang Fall 2014, ang enrolment sa Introductory Filipino ay dumami mula 32 hanggang 89. Ang bilang ng estudyante sa 2015-2016 na taon ng pag-aaral ay 67. Ang kabuuang bilang ng estudyante sa panimula at intermedyang Filipino ay mga 67-75 taun-taon. 97% nito ay HL.

Karamihan sa mga Filipino HL ay lumaki sa sambahayang buhay ang mga tradisyon, paniniwala at gawing Pilipino. Ang kanilang katatasan sa pagsasalita at pang-unawa sa pakikinig ay mula 0 hanggang level 2 (L2). Batay sa Defense Language Institute, ang L2 ay may katatasan na sapat sa pakikipagtalastasan ukol sa sarili, pamilya, balita, mga personal na interes, trabaho, paglalakbay, pang-araw-araw na pakikisalamuha, pamimili, mga pangangailangan para mabuhay, at nakakapagsalaysay sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap na mga pangyayari. Kadalasan, may isa o tatlong FL o foreign language learner sa klase na may kasintahan o kaibigang Pilipino o di kaya'y gradwadong estudyante na kailangan ang wika sa kanyang pananaliksik.

Ang klase ay binubuo ng mga estudyanteng nasa iba't ibang antas ng pag-aaral sa

unibersidad: una, pangalawa, pangatlo, pang-apat o masteral o doktoradong antas. Dahil sa kakulangan sa badyet at kwalipikadong guro, walang magkahiwalay na klase para sa mga HL at FL Magkasama ang FL at HL sa isang klase. Ang hamon ng klase ay masinop at epektibong maipamahagi ang mga aralin at matamo ng mga estudyante ang wika sa isang personal na paraan na hindi naapektuhan ang kalidad ng pagtuturo at interaksyon ng mga estudyante sa kabila ng malaking bilang ng mga estudyante, iba't ibang lebel ng kognitibong kakayahan at katatasan sa pagsasalita, abilidad sa pagsulat, pagbasa, at pakikinig. Ang layunin ng pagtuturo ay matamo ng mga estudyante ang wika, dumulas ang dila, maging wasto ang mga pahayag at lumawak ang pang-unawa sa wika.

Bukod sa iba't ibang lebel ng katatasan sa wika sa pagsasalita, pakikinig, pagsulat at pagbasa, ang iba pang mga hamon sa pagtuturo at pagkatuto ng wikang Filipino ay ang mga sumusunod: 1) kakulangan ng akmang materyales sa pagtuturo sa mga HL at mga FL, 2) mgaistratehiya at pamamaraan upang mapanatili ang interes ng mga estudyante, 3) pagtatasa at pagsusulit ng katatasan ng mga HL, 4) recruitment, training, retention, at credentialing ng kwalipikadong mga guro para sa mga HL at FL, at 5) pondo para magdebelop ng mga kagamitan sa pagtuturo, pagpapanatili at pagpapayabong ng programa.

Sapagkat bagong penomena ang HL sa larangan ng pagtuturo ng ikalawa o banyagang wika (Peyton, Ranard, McGinnis 3) karamihan sa mga guro ay natuto sa karanasan at sa mga worksyap na pinopondohan ng National Heritage Language Resource Center sa UCLA, UCLA Language Alliance, at 16 na Language Resource Centers na pinopondohan ng U.S. Department of Education tulad ng National Foreign Language Resource Center sa Hawaii, Center for Language Education and Research (CLEAR), Center for Advanced Research on Language Acquisition (CARLA) at iba pang sentro ng pananaliksik ukol sa pagbibigay dalubhasa sa mga guro, debelopment ng mga materyales pamamahagi ng mga bagong riserts sa pagtuturo at pagkatuto ng ikalawang wika. Nagtataguyod at nagbibigay ang mga ito ng mga mapagkukunan ng tulong upang mapaunlad ang kakayahan ng bansa para sa mga wika ng daigdig. Ang American Council on the Teaching of Foreign Languages (ACTFL) ay nagbibigay din ng training sa language testing. Sa kabilang dako, ang mga estudyante naman ay puwedeng mag-apply sa Foreign Language and Area Studies Fellowships (FLAS) na ginaganap tuwing tag-init sa University of Wisconsin-Madison. Ang programang ito ay SEASSI o Southeast Asian Summer Institute. Maaari rin silang magpunta sa Pilipinas upang mag-aral ng wika.

Sa kabila ng suporta ng gobyerno at ng katotohanan na ang mga Pilipino ang may

pinakamalaking bilang ng mga taga-Timog-Silangang Asya at pangalawa sa mga Tsino sa bilang ng mga Asyano sa EU, ang pag-aaral ng wika at kalinangang Filipino sa akademya ay nananatiling non-major, non minor na larangan ng pag-aaral. Hindi ito pinahahalagahan sa politikang global, economics, at kultura. Karamihan din sa mga magulang ay walang suportang ibinibigay sa kanilang mga mag-aaral na kumuha ng Filipino at mababa ang pagtingin sa sariling kultura.

Bagaman Tagalog (Filipino) ang unang Timog-Silangang Asyang wika na itinuro sa UCLA noong 1960, hindi naging mayabong ang programa. Panimula at intermedya lamang ang regular na itinuturo. Ang iba pang dahilan ng pagkabansot ng programa ay walang suporta mula sa komunidad at administrasyon. Sa kalakhan, isang taon lamang ang kahilingan ng banyagang wika sa UCLA; sa gayon, walang pangangailangan sa mas matataas na kurso ng Filipino.

Ngayong nailahad na ang lagay ng pagtuturo ng wikang Filipino sa UCLA, dadako naman ang papel sa katangian ng wika at mga karaniwang pagkakamali ng mga mag-aaral ng wikang Filipino na ang unang wika ay Ingles.

KATANGIAN NG WIKANG FILIPINO AT LAYUNIN NG CORSO

Inuri ng U.S. Defense Language Institute (DLI) ang Tagalog (Filipino) sa Category III sa kahirapang matutunan ng mga taong ang katutubong wika ay Ingles. Category IV ang pinakamahirap na mga wikang matutunan tulad ng Chinese (Mandarin), Japanese, Korean, at Arabic dahil sa mahabang panahon na kinakailangan upang matutunan ang paraan ng pagsulat. Ang klasipikasyon ay nakabatay sa haba ng panahong kinakailangan upang matamo ang wikang pinag-aaralan. Upang matamo ang level 2 proficiency sa pagbasa at pakikinig at level 1+ sa pagsasalita ng isang banyagang wikang kabilang sa Category III, kakailanganin ng mag-aaral ang 48 linggo o isang taon samantalang ang Category 1 na mga wika ay 26 na linggo o 6 na buwan at kalahati upang matamo ang kaparehong husay sa wika.

Bagamat ang mga klase sa Introductory Filipino ay nagbibigay ng pantay na diin sa pagbasa, pagsulat, pakikinig at pagsasalita, ang mas binibigyang halaga ng mga estudyante ay ang pagsasalita sapagkat ang isa sa mga motibasyon nila sa pag-aaral ng wika ay makipag-usap sa kanilang mga lolo at lola, at iba pang mga kamag-anak. Mahalaga rin sa kanila ang higit pang malaman ang kulturang Pilipino at mapalalim ang pag-alam ng kanilang identidad. Ang

layunin ng isang taon ng pag-aaral ng Filipino ay mapaunlad ang katatasan ng estudyante mula 0-0+ tungo sa L1-L1+ na katatasan. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang ACTFL ILR OPI scale of proficiency (2016) upang tasahin ang natamong katatasan ng estudyante. Iniayon ang eskala upang lumapat sa katangian ng wikang Filipino/Tagalog.

Sa level 1 proficiency, ang indibidwal ay maaaring makipag-usap gamit ang simpleng mga pangungusap, maikling usapan tungkol sa pang-araw-araw na gawain, sapat sa pagtatamo ng mga pangangailangan upang mabuhay, at makapagtatanong at makasasagot ukol sa mga pamilyar na mga paksa. Siya ay makapagsasalita ng mga minemoryang pahayag at payak na mga pangungusap. Litaw sa pananalita ang mga pagkakamali sa gramatika at istruktura. Karaniwang mangyari ang hindi pagkakaunawaan kahit na sa pakikipag-usap ng isang taal na nagsasalita ng wika na bihasang makipag-usap sa mga nag-aaral ng banyagang wika.

Ang level 1+ proficiency sa pagsasalita ang inaasahang matatamo ng isang taong pag-aaral ng wikang Filipino. Ang indibidwal na may level 1+ ay magagawa ang lahat ng kakayahan sa wika ng isang level 1 at higit pa. Siya ay nakapagsasalaysay sa kasalukuyan, nakaraan, at hinaharap; at nakakapagbigay ng simpleng paglalarawan ng isang lugar o bagay. Ang karaniwang mga pagkakamali ay sa anyo ng pandiwa- pokus, aspekto, at panagano, kaukulan ng mga panghalip, at paggamit ng akmang kaukulan ng mga pananda. Ang mga nabubuong pahayag ay maaaring maunawaan ng isang taal na nagsasalita ng wika na nagsasaalang-alang sa kakulangan ng mag-aaral at sanay makipag-usap sa mga mag-aaral ng banyagang wika.

Bagamat nagkikita sa isang pisikal na klasrum ang mga mag-aaral, ang klase ay gumagamit din ng teknolohiya at aktibong nag-aaral at gumagawa ng mga pagsasanay sa website ng klase na Common Collaboration and Learning Environment (CCLE). Isa sa pangangailangan ng kurso na bahagi ng grado ng estudyante ay ang paggawa at pagkumpleto ng mga pagsasanay at mga online na mga pagsusulit.

Sa ganitong pagsasama ng teknolohiya, malaya ang estudyanteng balikan at repasuhin ang mga napag-aralan at gumawa ng mga pagsasanay hanggang sa mamaster niya ang istruktura, halimbawa sa pagbabanghay ng pandiwa. Kontrolado niya ang kaniyang panahon, lugar, at tagal ng pag-aaral ng leksiyon na nasa internet. Bukod sa online na materyal, gumagamit din ng tradisyunal na workbuk para makapagsanay ang mga estudyante sa

pagpapabuti ng wika.

Tulad ng nabanggit na, ang klase ay nagkikita tuwing Martes at Huwebes ng isang oras at 15 minuto at isang oras at 50 minuto tuwing Biyernes kung saan nahahati ang 67 estudyante sa 3 seksyon na tinuturuan ng TA (Teaching Assistant). Ang TA ay isang masteral o doktoradong mag-aaral na native o near native speaker ng Filipino, depende kung mayroong kwalipikadong gradwadong estudyante.

Bagamat ilalahad at titingnan ng papel ang pinakakaraniwang mga pagkakamali sa gramatika ng mga estudyante, pagtutuunan ng pansin ang pagsusuri ng paggamit ng mga pananda ng pangngalan at ng mga panghalip sa kaukulang NG (genitive o kaukulang paari) at ANG (nominative o kaukulang palagyo) na siyang makikita sa pangungusap na "Kinain ako ng isda."

PAMAMARAAN

Ang pag-aaral na ito ay paglalagom ng 16 na taon na pagiging examiner ng Tagalog sa Unibersidad ng Arizona (2000-2016) at natipong 20 taong karanasan ng pagtuturo ng wikang Filipino, kalinangan at panitikan ng Pilipinas sa sumusunod na mga institusyon: Loyola Marymount University (1996-2003), Beverly Hills Lingual Institute (1997-2000), California State University at Long Beach (1998-2002), University of Southern California (1999, 2002, 2004), at UCLA (2000-2016).

Ang datos ay kinolekta mula sa sumusunod na mga kahilingan sa mga kursong Introductory Filipino 1, Filipino 2, at Filipino 3: 1) pasalita at pasulat na paglahok sa klase, 2) mga isinulat na mga pangungusap/talata gamit ang 50 bagong bokabularyong nakalap mula sa 10 oras kada kuwarter na paggamit ng language learning software at tapes tulad ng Rosetta Stone, Pimsleur, Learn Tagalog, awtentikong materyales mula sa youtube, ulat ng balita, SONA ng presidente ng Pilipinas, at mga pelikula, 3) 4 na maiikling talata/komposisyon, 4) electronic quizzes, midterm, final exam (50% pasulat/50% oral), at mp3 na rekording ng estudyante at mga pagsasanay sa workbook.

Mula sa produksiyong ito ng wika ng mga estudyante, kinolekta ang mga pangungusap na may mga pagkakamali sa gramatika at istruktura at sinuri at inuri ang mga padron ng pagkakamali. Matapos masuri, ihiniwalay at inilagay sa sumusunod na mga kategorya ang

karaniwang mga pagkakamali: ponolohiya, ortograpiya, morpolohiya, sintaksis, kaukulan, aspekto, pokus, at panagano ng pandiwa, at gamit ng pang-angkop.

KINAHINATNAN AT PAGTALAKAY

Tulad ng nasabi na, ang mga halimbawa na gagamitin sa talakayan ay nagmula sa isinumite ng mga estudyante na bahagi ng mga kahilingan at interaksyon sa klase upang matupad ang pangangailangan ng isang taon ng pag-aaral ng isang banyagang wika sa UCLA. Sa ikalawang kuwarter ng pag-aaral (Filipino 2) makikita ang higit na pagsusumikap ng mga estudyanteng bumuo ng sariling mga pangungusap at ipahayag ang nais sabihin gamit ang mga simpleng pangungusap at minemoryang mga bokabularyo na ginagabayan ng mga tuntuning panggramatika at paggamit ng google translate para sa mga bokabularyo. Sa pagpapahintulot na gamitin ng mga estudyante ang mga apps at kagamitan sa internet na makakatulong sa pagpapabuti at pagpapabilis ng pagkatuto ng wika, kinikilala ng guro na sa lagay ng pag-aaral sa kasalukuyan at pagsulong ng teknolohiya at komunikasyon, marapat lamang na gawing kaalyado ang mga pagbabago at posibleng kabutihang maidudulot nito tulad ng plicker at iba pa sa mabilis, epektibo, at episyenteng pag-aaral at pagkatuto ng wika.

Ang isang madalas na pagkakamali ng mga HL at FL ay sa paggamit ng mga marker o pananda at sistema ng kaukulan at ang kakulangan sa praktis at pang-unawa sa paggamit ng akmang pananda ng pangngalan at ng pokus ng pandiwa kung saan nagbabago ang paksa o simuno ng pangungusap depende sa pokus ng pandiwa. Sa pangungusap sa Filipino, ang paksa ay maaaring aktor ng aksiyon, ang tuwirang layon o tagatanggap ng aksiyon, ang instrumento na ginamit sa pagsasagawa ng aksiyon, ang tumatanggap ng benepisyo mula sa aksiyon, o ang sanhi ng aksyon. Sa wikang Ingles, walang pokus ang mga pandiwa. Ang gumagawa ng aksiyon ay laging nasa kaukulang palagyo o paksa ng pangungusap. Sa Filipino, kapag ang pandiwa ay hindi pokus sa aktor, ang tagagawa ng aksiyon ay nasa kaukulang paari. Kung kaya, nasasabi ng mga estudyante ang katawa-tawang pangungusap na “Kinain ako ng isda” samantalang ang gusto nilang sabihin ay “Kumain ako ng isda” o kaya’y “Kinain ko ang isda.” Sa pangungusap na ito, ang pandiwa ay –in na pokus sa tuwirang layon o obheto. Samakatuwid, ang isda ang paksa o pokus dapat ng pangungusap na siyang tumatanggap ng aksiyon. Subalit dahil nga laging paksa ang tagagawa ng aksiyon sa wikang Ingles na siyang lingua franca ng mag-aaral, nalilipat sa wikang Filipino ang gayong configuration ng pangungusap nang hindi inaalintana na dapat ay palitan ang kaukulan ng pananda at ng panghalip upang maging wasto ang pangungusap.

Para sa mga taal na nagsasalita ng wikang Tagalog/Filipino, walang problema sa

paggamit ng tamang pandiwa, panghalip, at pananda. Natural lamang ito bunga ng araw-araw niyang ginagamit ang wika. Subalit para sa isang estudyante na ang kabihasaan sa sinasalitang wika ay Ingles, kailangang sinuhin niya ang iba't ibang uri ng pandiwa at kabisahin sa simula ang mga panghalip sa kaukulang palagyo at kaukulang paari. Sa Ingles, ang gumagawa ng aksiyon sa pangugusap sa active voice ay palaging I (ako), you (ikaw, ka), he/she (siya), it (walang salin), we (kami, tayo) you, plural (kayo), they (sila). Ang preperensiya sa Ingles na istruktura ng pangugusap ay active voice na siyang nalalapit o katumbas ng pokus sa aktor na pangugusap sa Filipino. Nangangahulugan ito na ang aktor ng pandiwa ay siyang paksa/simuno o pokus ng pandiwa. Sa Filipino, ang aktor o tagagawa ng aksiyon ng pandiwa ay nasa kaukulang paari o genitive o kaya'y sa dative case kapag ang pokus ng pandiwa ay hindi pokus sa aktor.

Ngayon, sa Filipino, ang katumbas ng "I" ay sa tatlong kaukulan: ako (palagyo), ko (paari), akin (paari), i.e. "Kumain ako," "Kinain ko," "Aking kinain." Hindi lamang kaukulan ang problematiko rito. Kailangang alam din ng mag-aaral ang pokus ng pandiwa. Kailangang alam din ng estudyante na ang tagagawa ng aksiyon ng isang passive verb o mga pandiwang hindi pokus sa aktor ay mga pangngalan at mga panghalip na nasa kaukulang paari o genitive case. Para maging wasto ang pahayag, maaaring palitan ang panghalip na "ako" na nasa kaukulang palagyo, nominative case o in the case of the subject. Kung kaya, maaaring iwasto ang naturang pangugusap ng dalawang paraan.

Una, kung batid ng mag-aaral na ang pandiwang "kinain" ay pokus sa layon o obheto, awtomatiko na ang tagagawa ng aksiyon ay "ko." Pwedeng isalin ng "I ate the fish" o kaya sa pabalintiyak na "The fish was eaten by me," ang pangugusap na "Kinain ko ang isda." Ang ikalawang paraan ng pagwawasto nito ay sa pamamagitan ng pagpapalit ng pandiwa sa pokus sa aktor upang ang aktor na ako ang siyang simuno o paksa ng pangugusap. Kaya, "Kumain ako ng isda." "I ate fish." Hindi ang tao ang kinakain ng isda kundi ang tao ang kumakain sa isda. Sa halimbawang ito, makikita na kumplikado talaga ang wikang Filipino at maraming kailangang tandaan ang isang mag-aaral. Kung sa pamamagitan ng immersion o paglubog sa wika at kalinangan ang pamamaraan ng pagkatuto ng wika, tulad ng isang batang ipinanganak,

*"Kinain **ako ng isda**" - Pokus sa Obheto*
*"Kumain **ako ng isda**" - Pokus sa Aktor*
*"Kinain **ko ang isda.**" - Pokus sa Obheto*

Kailangan ang kaalaman ng kaukulan ng pananda at panghalip at pokus ng pandiwa upang maiwasan ang ganitong pagkakamali.

inaruga at lumaki sa kapaligiran kung saan wikang Filipino lamang ang kanyang naririnig at ginagamit, hindi kailangan ang mga tuntuning panggramatika sapagkat parang espongha na matatamo ng bata ang mga tuntuning panggramatika at panlipunan sa paggamit ng wika. Upang maiwasan ang ganitong mga nakakatawang pahayag na nakakaudlot sa mag-aaral na magsalita sapagkat pinagtatawanan siya ng kanyang mga kapamilya, datapwat wala namang malisya ang pagtawa kundi talagang nakakatawa lamang. Ang ganitong karanasan ng pagkapahiya ay nakakahadlang sa lakas ng loob ng mag-aaral na magpahayag sa wikang Filipino na kanyang inaaral. Upang maiwasan ito, sa simula pa lang ng Filipino 1 ay sinasanay na ang mga mag-aaral sa mga madalas gamiting mga pandiwa na pokus sa aktor tulad ng mga pandiwang –um- at mag- kasama ng mga tagagawa ng aksiyon na mga pangngalan at panghalip na nasa kaukulang palagyo na sa kahit anumang pangungusap ay laging paksa o simuno ng pangungusap: ang bata, ang mga bata, si Tessie, sina Tessie, ako, ikaw, ka, siya, tayo, kami, kayo, sila, ito, iyan, iyon (tingnan ang table 1).

Sa halimbawang ito, makikita na hindi maaaring tiladtilarin ang wika at ihiwalay ang isang elemento, halimbawa, ang kaukulan at ang pokus ng pandiwa. Mahigpit na magkaugnay ang iba't ibang elemento ng masining at maayos na pagpapahayag ng nais sabihin. Kadalasan, ang mga pagkakamali sa iba't ibang elemento ay magkakaakibat at magkakaugnay.

Para matulungan ang mga estudyante sa pagbuo ng kanilang mga pangungusap at mga pahayag, sa simula pa lamang ay itinuturo na ang sistema ng kaukulan ng mga pananda at panghalip na tinagurian ng isang estudyante na apat na haligi o poste sa paggawa ng pangungusap: palagyo/paksa (ANG), paari/pananda ng tuwirang-layon (NG), paari/lugar (SA), at patungkol /datibo (PARA SA). Ang mga pananda at panghalip sa kaukulang ANG ay: si, sina, ang, ang mga, ako, ikaw, ka, siya, tayo, kami, kayo, sila, ito, iyan, iyon. Ang sumusunod ang mga pananda at panghalip sa kaukulang NG: ni, nina, ng, ng mga, ko, mo, niya, natin, namin, ninyo, nila, nito, niyan, niyon.

[Table 1]

Ang sumusunod naman ang mga pananda at panghalip sa kaukulang SA: kay, kina, sa, sa mga, sa akin, sa iyo, sa kaniya, sa atin, sa amin, sa inyo, sa kanila, dito, diyan, doon. Ang mga sumusunod naman ang mga pananda at panghalip sa kaukulang PARA SA: para kay, para kina, para sa, para sa mga, para sa akin, para sa iyo, para sa kaniya, para sa atin, para sa amin, para sa inyo, para sa kanila, para dito, para diyan, para doon (tingnan ang table 2).

[Table 2]

Ang aplikasyon ng apat na haligi ay maiipakita sa pangungusap na "I bought (D.O. marker) fish at the grocery store for my family and for my neighbor." Sa Filipino, maipapahayag ang pangungusap na ito sa ilang paraan ngunit ililimita ang diskusyon sa mga pangungusap na may pokus sa aktor at pokus sa obheto. Ang mga salitang nakabold ang nagpapakita ng kaukulan ng mga salita.

Pokus sa aktor na pandiwang –um-:

Bumili ako ng isda sa groseri para sa pamilya ko at para sa aking kapitbahay.

ANG NG SA PARA SA NG PARA SA

Pokus sa Obheto na pandiwang -in:

Binili ko ang isda sa groseri para sa pamilya ko at para sa aking kapitbahay.

NG ANG SA PARA SA NG PARA SA/DATIBO

Sa pokus sa aktor na pangungusap, ang ako ay nasa kaukulang ANG o palagyo na gumaganap ng aksiyon ng pokus sa aktor na pandiwa. Ang mga panghalip at mga pangngalang nasa kaukulang ANG ay parating paksa ng pangungusap. Sumasagot ito sa tanong na "Sino ang bumili?" "Ako." Ang ng ay pananda ng tuwirang layon at kapwa nasa kaukulang paari at kaukulang palayon. Ibig sabihin ay magagamit ang lahat ng nakalista sa kolom ng NG upang ipahayag ang pag-aari. Ang halimbawa ng paari sa pangungusap sa itaas ay "pamilya ko." Kung pananda ng tuwirang layon, sumasagot ang mga salitang nasa kaukulang NG sa tanong na "Ano ang binili ko?" "Isda." Ang kaukulang SA ay nangangahulugan ng lugar. Sumasagot ito sa tanong na "Saan binili ang isda?" "Sa groseri." Nagsisilbing paari rin ang mga panghalip at pangngalang nasa kaukulang SA. Ang halimbawa nito ay "aking pamilya." Ang Kaukulang PARA SA naman ay tumutukoy sa nakikinabang sa aksiyon ng pandiwa. Sumasagot ito sa tanong na "Para kanino ang isda?" Para sa aking pamilya.

Sa pamamagitan ng padron na ito at dati nang naiturong mga pandiwang nasa pokus sa aktor naipapakita at naipapaliwanag sa mga mag-aaral kung paano inilalapat at ginagamit ang konsepto at sistema ng kaukulan, at pokus ng pandiwa. Ipinapakita rin ang ayos ng mga salita sa pangungusap na panaguri/paksa. Matapos ang dalawang linggong pagsasanay sa pokus sa aktor na pandiwa at sistema ng kaukulan, sunod na itinuturo ang pokus sa obheto na mga pandiwa at kaukulang NG na siyang tagagawa ng aksiyon. Ang dating pangungusap ay papalitan ng pandiwang pokus sa obheto at ipinapakita ang pagpapalit ng mga pananda kung kaya: Binili ko ang isda sa groseri para sa aking pamilya at

para sa kapitbahay ko. Ipinapaliwanag sa mag-aaral na pareho ang kahulugan at ipinapakita nito na maraming paraan ng pagsasabi ng isang kaisipan sa wika at kulturang Filipino. Sa pangalawang pangungusap, ang pandiwa ay pokus sa obheto na –in samakatuwid, ang paksa ang tumatanggap ng aksiyon kung kaya kailangan itong lagyan ng panandang “ang” na nagsisilbing hudyat na ang “isda” ang paksa o simuno ng pangungusap. Dahil isda ang paksa, ang tagagawa ng aksiyon ay hindi maaaring “ako” na nasa kaukulang palagyo o paksa, dahil kung hindi, ang magiging kahulugan ay I was bought by a fish. (Binili ako ng isda.). Ang paliwanag na ito ang isang paraan ng pagpapabuti ng wika at pagpapagagap sa mga mag-aaral ng kahalagahan ng memoryado nila ang mga panghalip at pananda sa kaukulang ANG at NG at ang mga pandiwang pokus sa aktor at pokus sa obheto sa simula ng pag-aaral. Nagpapakita rin ito ng isang katangian ng pagkataong Pilipino ng pagiging flexible at may malawak at iba’t ibang punto de bista na mahihinuha sa wika.

Ang Table 1 at Table 2 ay nagpapakita ng apat na kaukulan ng mga pananda at mga panghalip sa ANG, NG, SA, at PARA SA. Ang mga tsart na ito ay nagsisilbing gabay sa mga mag-aaral sa pagbuo ng mga pangungusap upang matulungan sila sa pagpili ng akmang pananda at tagagawa ng aksiyon. May elektronikong pagsasanay ukol sa tsart na ito kung saan inilalagay ng estudyante ang mga akmang pananda at mga panghalip.

Nabanggit sa unahan na ang mga litaw na elemento ng wika na kailangang bigyang pansin sa pagpapabuti ng pagkatuto ng wikang Filipino ay ang mga sumusunod: morpolohiya, kaukulan, sintaksis, pokus, aspekto, at panagano ng pandiwa, paggamit ng pang-angkop, diin at intonasyon. Bawat isa nito ay nangangailangan ng masusing pagsusuri at pagtalakay. Tulad ng nabanggit sa unahan, hindi natatangi ang pagkakamali o maihiwalay dahil kasabay ng ibang elemento ng gramatika ang dapat ayusin. Magbibigay ng ilang halimbawa at ipapaliwanag ang maaaring mga pamamaraan ng pagwasto ng mga ito. Makikita sa mga halimbawa na ang mga kaisipan na nais ipahayag ng mga estudyante ay nangangailangan ng mas abanteng kaalaman sa balarila. Hindi naman mapipigilan sa pagsasabi ang mga mag-aaral ng gusto nilang ipahayag kung kaya sinasabi na lang sa kanila ang tumpak na pagpapahayag at kung gusto nila ng paliwanag, saka ipinapasok ang tuntunin sa gramatika patungkol dito. Sa mga sumusunod na pangungusap, may salungguhit ang elemento na dapat iwasto.

Pasado mo ang mga CR. Lampasan mo ang mga CR. Pass the comfort rooms. Maling salita na isinunod sa Ingles na pass. Maling cognate.

Menos kuwarto para alas una ng hapon. Quarter to 1:00 p.m. Inaakala ng ilang mga estudyante na lahat ng salita sa harap ng bilang sa pagsasabi ng oras ay may titik “s.” Ipinaaalala sa mga estudyante na isa lang ang numero (1) kaya walang “s.”

Isukat mo muna ang damit bago mo binili. Isukat mo muna ang damit bago mo bilhin. Try on the dress first before you buy it. Aspekto ng pandiwa ang kailangang baguhin. Kapwa hindi pa nagaganap ang pangyayari kung kaya kapwa nasa anyong pawatas (infinitive) ang dalawang pandiwa. Posibleng mangyari subalit kapwa di pa nangyayari. Maaring sundin o hindi ng kausap ang mungkahi o tagubilin na isukat muna at saka bilhin. Ang pawatas ay tinawag ni Luis Umali Stuart na “possible aspect” (Stuart 34-38). Upang maiwasan ang ganitong mga pagkakamali sa aspekto ng pandiwa, kailangan ng maraming pagsasanay ng mag-aaral sa iba’t ibang aspekto ng pandiwa at kung kailan ginagamit ang bawat isa.

Bumili mo ng tiket. Bumili ka ng tiket. (You) Buy a ticket. Sapagkat ang pandiwa ay pokus sa aktor na –um-, ang kaukulan ng panghalip ay dapat palagyo o nominative case.

Ibili mo kami ang tiket. Ibili mo kami ng tiket. Pokus sa tagatanggap ang pandiwang “ibili” at tuwirang layon ang “tiket” kung kaya kailangan nito ng marker na “ng,” ang pananda ng tuwirang layon sa isang pangungusap.

Huwag mo nilang pasukin. Huwag mo silang papasukin. (You) Don’t let them come in. May ilang bagay na dapat ipaliwanag sa halimbawang ito. Una, sa Ingles, kapag pautos o nagbibigay direksiyon, ang pandiwa ay nasa anyong pangkasalukuyan samantalang sa Filipino, ang pandiwa ay nasa anyong pawatas o posible. Ang tamang anyo ng pandiwa ay pa+ pasok + in. Kung babanghayin ito: papasukin, pinapasok, pinapapasok, papapasukin. Ikalawa, kawsatibo ang panagano ng nalilikhang pandiwa kapag ginamitan ng mga panlaping pa-in. Ang “mo” ang nagpapapasok subalit ang gumagawa ng aksiyon ng pagpasok ay ang panghalip na “sila” na sa halimbawang ito ay “nila” ang ginamit ng mag-aaral dahil ang pa-in ay pokus sa obheto na may panagano na kawsatibo. Marahil sa isip ng estudyante, dapat ay kaukulang NG o palayon (objective case) ang katabing panghalip dahil malapit sa pandiwang “papasukin.” Ikatlo, sa wikang Ingles, hindi sinasabi sa pangungusap na pautos o nagbibigay direksiyon ang “you” samantalang sa Tagalog/Filipino ay kailangang isama ang “ka, kayo” o “mo, ninyo” depende sa pokus ng pandiwa at bilang ng taong nagpapagawa ng aksiyon.

Hanapan kami ang mga murang tiket. Hanapan mo kami ng mga murang tiket. Find us cheap tickets. Ang pagsasaayos nitong pangungusap ay katulad sa bilang 5. Pokus sa tagatanggap o benepaktib ang pandiwang “hanapan” kung kaya ang tagaganap ng aksiyon ay dapat kaukulang NG na “mo.” Ang kaukulang NG o palayon na mga marker o pananda at mga panghalip ay ang mga sumusunod: ni, nina, ng, ng mga, ko, mo, niya, natin, namin, ninyo, nila, nito, niyan, niyon.

Makita ka ng libro. Nakita mo ang libro. You saw the book. Sa pangungusap na ito, kailangang malaman ng estudyante na bagama’t ang ma- na pandiwa ay pokus sa aktor, maaari rin itong pokus sa obheto o layon tulad ng pandiwang “makita.” Kailangang memoryahin ito ng estudyante o bigyan ng maraming pagkakataon at pagsasanay sa klase na gamitin ang pandiwang makita sa iba’t ibang aspekto o panahunan upang tumimo sa isipan na ito’y nangangailangan ng NG na tagagawa ng aksiyon. At sapagkat pokus sa layon o obheto ang pandiwa, ang bagay, sa kasong ito, ang libro, ang siyang paksa ng pangungusap at siyang dapat lagyan sa harap ng pananda ng paksa na “ang.”

Dahon siya para Maynila bukas. Aalis siya papuntang Maynila bukas. He leaves for Manila tomorrow. Literal ang salin ng pangungusap. Dito mapagtatanto ng mag-aaral na hindi lahat ng salita sa isang pangungusap ay naiisalin sa wikang Filipino upang paratingin o itawid ang nais ipakahulugan.

Nasa itong maliit na lata. Nasa maliit na lata ito. This is inside the small can. Ang ayos ng salita ang dapat ayusin sa pangungusap na ito upang maitawid sa nakikinig o bumabasa ang kahulugan.

Rin, hindi siya tagarito. Hindi rin siya tagarito. Also, she’s not from here. Ukol sa ayos ng salita sa isang pangungusap, madalas, inilalagay nila sa unahan ang ingkilitik na “rin” na sa wikang Filipino ay hindi kailanman nauuna ang mga iisahing pantig na mga salita sa isang pangungusap maliban sa padamdang na “Ay!”

Pakikumpuni nga mo itong banyo. Pakikumpuni mo nga itong banyo. Please fix the bathroom. [O] Please fix this bathroom. Ang ayos ng salita sa isang pangungusap na may “nga” at panghalip na “mo” ay laging “mo nga.” Madalas na pagkakamali ang ayos ng mga ingkilitik sa isang pangungusap.

Hindi kumain ako sa restawran. Hindi ako kumain sa restawran. I did not eat at the

restaurant. Ang panghalip ay laging pangalawa sa mga salitang “hindi, huwag, wala” sa isang pangungusap.

Huwag patayin mo ang ilaw. Huwag mo(ng) patayin ang ilaw. Maaaring may pang-angkop ang panghalip na “mo” subalit kadalasan, ang isang taal na nagsasalita ng Filipino ay hindi ito nilalagyan ng pang-angkop sa pagsasalita. Muli, ayos ng salita ang problematiko sa pangungusap na ito, katulad sa sinundang bilang.

Hinding pumasok ako kasi may kumikirot sa likod ko. Hindi ako pumasok kasi may kumikrot sa likod ko. I did not go to class / work because something was hurting on my back. O Dalawang bagay ang dapat iwasto sa pangungusap na ito. Una, hindi kailangan ng pang-angkop sa “Hindi” at dapat isunod ang panghalip na “ako” sa hindi.

May akong damit na pula. May damit na pula ako. / May pulang damit ako. Ang eksistensiya na kataga na “may” ay di kailanman sinusundan ng panghalip. Pandiwa, pangngalan, at pang-uri lamang ang puwedeng sumunod na salita sa salitang “may.”

Talagang malakas ang itong inumin. Talagang matapang ang inuming ito. / Talagang matapang itong inumin. This drink is really strong. Sa pangungusap na ito, mapapabuti ito kung papalitan ng “matapang” (brave, courageous) ang “malakas” (strong) na siyang ginagamit ng mga taal na nagsasalita ng wikang Filipino. Sa Ingles, this drink. Sa Filipino, baligtad ang ayos ng salita—“ang inuming ito.”

Magsubok ka ng itong pantalong. Isukat mo ang pantalong ito. Try these pants on. Literal ang pagkasalin ng “try” at ang mas ginagamit ay ang pandiwang pokus sa obheto na i-. Kung ang ipapalit sa salin ay “Magsukat ka ng pantalong ito,” may kahulugan na “sukatin (measure) ang pantalong.” Hindi kailangan ang pang-angkop sa pantalong at ang ayos ng salita ay dapat “pantalong ito.”

Ang isa pang napapansin sa mga HL at mga estudyanteng Ingles ang inang wika ay ang paggamit ng istruktura ng pangungusap na gumagamit ng “ay” dahil sa Ingles, ang laging nauunang salita sa pangungusap ay ang paksa at hindi ang panaguri na kabaligtaran ng sa Filipino na mas ginagamit ang panaguri/paksa na ayos ng mga salita sa isang pangungusap.

Naggagawa ako ng gawaing-bahay sa ang kompyuter. Gumagawa ako ng gawaing-bahay sa kompyuter. / Naggagawa ako ng gawaing-bahay sa kompyuter. I do my homework in the computer. “Sa” ang katumbas ng “in, on, at” sa Ingles. Hindi kailanman maaaring magkatabi o magkasunod ang 2 pananda ng pangngalan kung kaya “pananda” nga ang tawag. Dapat ang kasunod ng pananda ay pangngalan at hindi isa ring pananda. Sa isip ng estudyante, ang katumbas ng “the” ay “ang” kung kaya pinagsunod ang 2 pananda.

Sa pagbigkas naman at diin, ginawang popular ni Maria Teresa Carlson ang puntong Kano sa pagsasalita—maganda na ang diin ay malumay bukod sa nagiging tunog E ang “a” sa katagang “gan.” Karaniwan ding bigkasin ng estudyante ang “ngayon” ng “nayon.” Nahihirapan silang bigkasin ang “ng” sa unahan ng salita sapagkat sa Ingles ay sa hulihan lamang ng salita ito matatagpuan tulad ng “belong, sing, cling.” Gayundin ang p, t, k na kung bigkasin ng banyaga at HL ay may hangin o asprated.

Sa pagbabaybay, madalas na baybayin ang trabaho ng may letra “j” (trabajo) at horas sa halip nang oras. Makikita na ang wikang Kastila naman ang sumasagabal sa wastong baybay ng mga hiram na salita.

Marami pang pagkakaiba ang wikang Filipino at wikang Ingles na maaaring pagmulan ng mga pagkakamali sa pagpapahayag ng estudyante sa wikang Filipino na hindi na saklaw ng papel na ito. Sa mga wikang Pilipino na sinasalita sa bahay, ang Bisaya, Kapampangan, at Ilokano ang makikitang napapahalo sa mga sulatin o pagsasalita ng mga estudyante dahil hindi nila alam na ibang wika ang mga salitang ginagamit nila tulad ng “bado” (Ilokano) para sa baro, “dili” (Bisaya) para sa hindi; bukid-- field, farm sa Tagalog, sa Bisaya ay mountain at ang bundok ang field sa Bisaya. Ang langgam sa Bisaya ay bird at sa Tagalog ay ant. Sa Kapampangan, ang bird ay ayup na katunog ng hayop (animal sa Ingles), at ang eburna na katunog ng ibon (bird) sa Tagalog ay “egg” o itlog. Ang mga nagsasalita ng Kapampangan ay nagkakaproblema rin sa pagbabanghay ng pandiwa. Heto ang isang halimbawa mula sa internet.

susulat “is writing” sa Kapampangan subalit “will write” sa Tagalog/Filipino

sumulat “will write” sa Kapampangan subalit “wrote” sa Tagalog/
Filipino. Ito rin ang anyong pawatas sa dalawang wika.

sinulat “wrote” sa dalawang wika ngunit sa

Kapampangan pokus sa aktor ito at pokus sa obheto naman ito sa Tagalog.

BUOD AT KONGKLUSYON

Sa Unibersidad ng California sa Los Angeles (UCLA), ang mga hamon kapwa sa mga guro at estudyante na ang kaalaman sa wikang Filipino ay 0 to 0+ batay sa ACTFL ILR OPI scale of proficiency ay ang sumusunod: morpolohiya, sintaksis, kaukulan, aspekto, pokus at panagano ng pandiwa, at paggamit ng mga pang-angkop. Sa pagsasalita, ang mga kinakailangan ng pansin ay ang diin, intonasyon, at produksiyon ng “nga, nge ngi ngo ngu” sa unahan tulad ng mga salitang “ngayon, ngek, ngiti, ngongo, nguso”, p, t, k. Ang iba pang nakakaapekto sa mabilis na pagtatamo ng wikang Filipino ay ang paghahalo ng Ingles at iba pang mga wikang Pilipino tulad ng Bisaya, Kapampangan, at Ilokano. Sa kasalukuyan, ang nakikitang tulong upang mabawasan at maiwasan ang mga karaniwang pagkakamali ay sa pamamagitan ng mga pagsasanay na may tulong mula sa teknolohiya at ng mga tradisyunal na gamit sa pag-aaral tulad ng workbuk na mapagpapraktisan ng estudyante ng mga tiyak na aspekto ng wika na nangangailangan ng pansin sa pagtuturo ng Filipino bilang ikalawang wika.

Makikita na ang pagtuturo ng wikang Filipino sa mga mag-aaral ng ikalawa o ikatlong wika, mga banyaga at mga HL ay nangangailangan ng masinop, maingat, at sistematkong pagkakasunud-sunod ng mga paksain sa nilalaman at kultura hindi lamang ng leksiyon sa gramatika upang hindi malunod sa dami ng maliliit na detalye gaya ng paggamit ng pang-angkop, pagkakasunud-sunod ng ingkilik sa isang pangungusap, mga pananda ng pangngalan, at iba pa na dapat pagtuunan ng pansin upang kuminis ang wika at epektibong makipagtalastasan sa wikang Filipino. Para sa mga mag-aaral kinakailangan ang lakas ng loob na makipag-usap sa mga katutubong nagsasalita ng wika at magtanong upang umunlad ang kanilang katatasan sa wikang Filipino. Bagamat mabagal ang pag-aaral at pagkatuto ng wikang Filipino, basta’t may tiyaga at araw-araw na nililinang ang paggamit ng wika sa pamamagitan ng pagbabasa, pakikipag-usap, pagkanta, pakikinig, pagsusulat, panonood ng

sine at programa sa telebisyon na nasa wikang Filipino ay sa malao't madali ay makakalikha ng bagong daan sa utak ng nagnanasang matuto at maging matatas sa wikang Filipino. Ibig sabihin, kailangang magbabad sa wika at kalinangang Filipino, higit pa sa pag-alam ng mga tuntuning panggramatika. Sabi nga ni Fraile Blas de Palsencia sa Panimula ng Vocabulario de la lengua Tagala (1753) nina Noceda at Sanlucar, "Tunay ang kasabihan na nangangailangan ng isang taon ng pagsusunog ng kilay at 'tatlong taon ng bahag' upang matuto ng Tagalog" (vi). Ibig sabihin nito ay sa pamamagitan ng pakikiugnay sa mga katutubo, at sa paggawa ng sistematikong listahan ng mga bokabularyo, tuntunin ng sintaksis, morpolohiya, at ponolohiya ayon sa disiplina at agham ng linggwistika ang kinakailangan upang maging matatas sa Tagalog.

Sa simula ng papel, inilahad ang mga sumusunod na layunin:

- 1) Suriin ang kasalukuyang lagay ng pagtuturo ng wikang Filipino/Tagalog sa UCLA;
- 2) Alamin ang mga hamon sa pagtuturo, pagkatuto, at pagtatamo ng wikang/Filipino/Tagalog;
- 3) Unawain ang pinagmumulan at ugat ng mga nakikitang pagkakamali sa mga pahayag at pananalita kapwa ng HL at ng FL;
- 4) Magmungkahi ng mga pamamaraan upang malapatan ng kaukulang interbensiyon o solusyon at paliwanag ang nakitang mga pagkakamali; at

Ang kinalabasan ng pag-aaral na ipinakita sa pamamagitan ng pagsasalaysay ng kasalukuyang kalagayan ng pagtuturo ng wikang Filipino at ng pagsusuri at pagtalakay sa mga halimbawang produksiyon ng wika ng mga mag-aaral ay tumugon at nasaklaw ang mga layunin na inihatag sa dakong unahan ng pag-aaral.

Malayo pa ang hahagisin ng pagtuturo at sistematikong pagtugon sa pangangailangan ng mga Filipino heritage learner at ng mga mag-aaral ng ikalawa o ikatlong wika. May mga pagsisikap na magtipun-tipon ang mga guro ng wikang Filipino upang makapagpalitan ng pinakamahuhusay na pamamaraan sa pagtuturo at sa pagbabahagi ng mga materyales at kaalaman. Inaasahang mas magiging mahigpit ang ugnayan at palitan ng kuro at kaalaman upang mapaglingkuran ang mga mag-aaral at mapreserba ang wika at kalinangang Filipino. Maaaring gawin ang katulad na pag-aaral ng ibang mga guro sa ibang mga unibersidad at kolehiyo di lamang sa E.U. kundi maging sa United Kingdom, Italya, Norway, Dubai, Hapon, at saan mang lupalop na may mga Filipino HL at mag-aaral ng ikalawa o ikatlong

wika upang magkaroon ng mas malawak at mas malalim na pag-unawa sa kung ano nga ba ang pangangailangan ng mga mag-aaral at kung paano matutugunan ito. Makabubuti ring gumawa ng sistematikong pag-iimbentaryo ng mga karaniwang pagkakamali sa wika at hanapan ng lunas ang mga ito. Kinakailangan din ang higit pang suporta mula sa estado, mga akademiko, mag-aaral at komunidad, pondo para sa mga libro at mga materyales para sa pagtuturo, epektibong pamumuno, patakarang pangwika sa edukasyon, teacher training, artikulasyon ng kurikulum mula K12, mataas na paaralan at kolehiyo at unibersidad, pananaliksik ukol sa bisa ng mga lunas na inilalapat sa mga pagkakamali, diseminasyon ng resulta ng pananaliksik na makakatulong sa mga guro at mga programa ng Filipino, mgaistratehiya sa pagtuturo upang mapanatili ang interes ng mga estudyante at mapalago ang programa bilang isang kurso na B.A. Philippine Studies at hindi lamang isang foreign language requirement.

Inaasahan na bagamat limitado ang pag-aaral na ito ay makakatulong ito sa mga kasalukuyang guro at sa mga nais maging guro ng Filipino sa diaspora at sa mga paaralang pangwika sa mga komunidad sa pagsasagawa ng kani-kanilang programa at pagtatatag ng Philippine Studies major sa mga kolehiyo at unibersidad.

TABLE 1

Nominative and Genitive Cases of Markers and Pronouns

CASE	ANG Marker	Nominative (the) (Subject Marker)	NG Possessive	Genitive (of)	Doer of Action
	Singular	Plural	Singular	Plural	(by)
Common noun marker	ang	ang mga	ng	ng mga	
Proper name marker	si	sina	ni	nina	
Person	ANG Pronoun	English Nominative	NG (POST) Pronoun Possessive	English Genitive	Doer of Action
1st person singular	ako	I	ko	my	I
2 nd person	ikaw, ka	you	mo	your	you

3 rd person	siya	he, she	niya	his, her	he, she
1st person (plural, Incl. Listener)	tayo	Inclusive: us, we	natin	Inclusive: our	us, we
1st person plural (excludes. Listener)	kami	Exclusive: we	namin	Exclusive: our	we
2 nd person (plural)	kayo	Plural: you	ninyo	Plural: your	Plural: you
3 rd person (plural)	sila	they, them	nila	their	they
Demonstrative Pronouns	ANG na Pamatlig	ANG Demonstrative	NG Demonstrative	English	
near person speaking	ito	this	nito	of this	
near person addressed	iyang	that	niyang	of that	
far from person speaking and spoken to	iyon	that over there	niyon, noon	of that over there	
Actor Focus Verb + ANG Doer of Action			Other Verb Focus + NG Doer of Action		

Source: Nenita Pambid Domingo, Filipino 2, Introductory Filipino "Tara na!" Los Angeles, California: Course Reader Material, 2015, Print; table 1.1, 1.

TABLE 2

Dative and Benefactive Cases of Markers and Pronouns

CASE	SA Pre Possessive	SA Dative (to, from)	Para sa Case	Benefactive (for)
	Singular	Plural	Singular	Plural
Common noun marker	sa	sa mga	para sa	para sa mga
Proper name marker	kay	kina	para kay	para kina
Person	SA Possessive (PRE)	English	Para sa	English
1st person singular	[sa] akin	my, mine, to me, from me, I	para sa akin	for me, for my
2 nd person singular	[sa] iyo	your, yours, to you, from you, you	para sa iyo	for you, for your

3 rd person singular	[sa] kaniya	his, hers, to him, to her, from him, from her, he, she	para sa kaniya	for him, for her, for his, for her
1st person (plural, Incl. Listener)	[sa] atin	Inclusive: us, our, from us, to us, we	para sa atin	Inclusive: for us, for our
1st person (plural, excl. Listener)	[sa] amin	Exclusive: ours, our, to us, from us, we	para sa amin	Exclusive: for us, for our
2 nd person (plural)	[sa] inyo	Plural: yours, your, to you, from you, you	para sa inyo	Plural: for you, for your
3 rd person (plural)	[sa] kanila	theirs, their, to them, from them, they	para sa kanila	for them, for their
Demonstrative Pronouns	SA Demonstrative	English	PARA SA Demonstrative	English
near person speaking	dito	(place) here	para dito	for here
near person spoken to (addressed)	diyan	there	para diyan	for there
far from person speaking and spoken to	doon	over there	para doon	for over there

Source: Nenita Pambid Domingo, Filipino 2, Introductory Filipino "Tara na!" Los Angeles, California: Course Reader Material, 2015, Print; table 1.1, 10.

MGA SANGGUNIAN

- "DLI's language guidelines." Association of the United States Army, 8/1/2010. Web. 30 July 2016.
- "Kapampangan language." Web. 31 July 2016.
- "Oral Proficiency Interview, OPI Level Descriptions." Defense Language Institute, English Language Center. Web. 30 July 2016.
- LRC Language Resource Centers. Web. 30 July 2016.
- Malabonga, Valerie. "Heritage Voices: Programs" Heritage Voices Collection. © 2008 Center for Applied Linguistics January 2009: 1 Web. 30 Hulyo 2016.
- Noceda, Juan de y P. Pedro de Sanlucar, Vocabulario de la lengua Tagala. Reimpreso en Manila Imprenta de Ramirez y Giraudier, 1860. Print.
- Paz, Leo & Erlinda Juliano. "Filipino (Tagalog) Language Placement Testing in Selected Programs in the United States." Eds. Thom Hudson & Martyn Clark. Case Studies in Foreign Language Placement: Practices and Possibilities. Hawaii, National Foreign Language Resource Center, 2008. 7-16. Print.
- Peyton, Joy Kreeft, Donald A. Ranard, Scott McGinnis Eds. "Charting a New Course: Heritage Language Education in the United States." Heritage Languages in America. Center for Applied Linguistics and Delta Systems, 2001. 3-26. Print.
- Posadas, Barbara M. "Ethnic Life and Labor in Chicago's Pre-World-War II Filipino Community." Labor Divided: Race and Ethnicity in United States Labor Struggles, 1835-1960. Eds. Robert Asher & Charles Stephenson. New York: State University of New York, 1990. 63-80. Print.
- Stuart, Luis Umali "To Babel and Back, An Invitation to a Discovery in Language and the Brain," Dec. 2012, Word Document. Print.
- Tangi, Rocelle. "Tagalog is 3rd most widely spoken foreign language in US." Asian Journal, 7 Oct. 2014. Web. 30 July 2016.
- U.S. Department of Education, Foreign Language and Area Studies Fellowships Program. Web. 01 Aug. 2016.